Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO
SCHOOLS DIVISION OF MISAMIS ORIENTAL

**PANREHIYONG MEMORANDUM**
**No. 496 s. 2023**

Agosto 31, 2023

**PARA SA :** **Mga Pansangay na Superbisor**
**Mga Pandistritong Superbisor**
**Mga Ulongguro at Namamahala ng mga Paaralan**
**Kaguruan sa buong Sangay**
**Lahat ng Kinauukulan**

**PAKSA: MGA NAGWAGI SA PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY AT MALAYANG TULA 2023**

1. Alinsunod sa memorandum panrehiyon blg. s. --- 2023, ang Tanggapang ito ay buong pagmamalaking ipapaalam sa buong sangay ang Pagkamit ng Unang Gantimpala ng ating mag-aaral sa Pambansang Paligsahan sa Pagsulat ng Sanaysanay at Malayang Tula kaugnay sa pagdiriwang sa Buwan ng Wika..

2. Taos-pusong Binabati, ikinalulugod at ipinagbubunyi ng Tanggapang ito ang nagwagi sa paligsahan, tagapagsanay, ulongguro at pandistritong superbisor sa pagtataas ng pangalan ng Misamis Oriental sa buong bansa.

| MGA NANALO SA PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG MALAYANG TULA | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Baitang 4-6 | | | | | |
| **Gnatimpala** | **Mag-aaral** | **Tagasanay** | **Paaralan** | **Principal/SH** | **Distrito** |
| UNANG PUWESTO | LINDSAY KAYE C. CASTILLO | ELMA T. DELOPERE | PATROCINIO ES | BARTOLOME J. PALLO | CLAVERIA WEST |
| PANGALAWANG PUWESTO | MARY KNELLE M. PALASAN | CHERREYL B. BONOCAN | KABULAWAN ES | EMMA E. ABREGANA | LAGONGLONG |
| | AJ G. TAMPOS | JOE VINCENT T. MAQUILING | MANDANGOA ES | DOMINADOR M. GOMEZ JR. | BALINGASAG NORTH |
| PANGATLONG PUWESTO | JOHN PAUL U. VALENZUELA | LUZMINDA E. SEÑAL | TAGOLOAN CS | IMELDA C. EMANO | TAGOLOAN WEST |
| **Baitang 7 - 10, JHS** | | | | | |
| UNANG PUWESTO | FEL L. LINDONGAN | AGILLE E. DOLLAGA | JASAAN NATIONAL HIGH SCHOOL | FE D. ARANCON | JASAAN SOUTH |
| PANGALAWANG PUWESTO | JOHN ROCKY C. CASIÑO | SUSAN E. BACULIO | PATROCENIO NHS | JOSE L. AMBONGLAY | CLAVERIA WEST |

Address: Del Pilar corner Velez Street, Brgy. 29, Cagayan de Oro City 9000
Tel. Nos.: (088) 881-3094 | Text: 0917-8992245 (Globe)
Website: www.deped.misor.net
Email: misamis.oriental@deped.gov.ph

SULONG EduKALIDAD

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| PANGATLONG PUWESTO | SHIRAH NICA F. BERGATINOS | MICHELLE H. AMANTE | TAGOLOAN NATIONAL HIGH SCHOOL | FLORENCIA D. BAANG | TAGOLOAN WEST |
| **Baitang 11 - 12 SHS** | | | | | |
| UNANG PUWESTO | Angel Grace A. Macalolot | Hanna Banawan | Salay NHS | BEVERLY HAZEL T. SALIGUMBA | SALAY |
| PANGALAWANG PUWESTO | MAICA DERETCHO | Rene Dale Balingit | Consuelo NHS-SHS | ANELITO CALLO, PhD | MAGSAYSAY 2 |
| PANGATLONG PUWESTO | JAMAICA CAPITO | RITCHEL U. CABLINDA | LUMBO NATIONAL HS | MERLINDA T. ILAGO | LAGONGLONG |
| **GURO NA NAGTUTURO NG FILIPINO** | | | | | |
| UNANG PUWESTO | | CRISSA JANE P. DOVERTE | LOURDES ALUBIJID NHS | GLENN M. YANA, MEDCHEM | ALUBIJID WEST |
| PANGALAWANG PUWESTO | | AILEEN C. QUIRINO | MINSACUBA ES | NENA U. ARANCES | CLAVERIA WEST |
| PANGATLONG PUWESTO | | LORLE JOHN C. TACBOBO | INITAO CENTRAL SCHOOL | AURA O. VILLASTIQUE | INITAO SOUTH |

| MGA NANALO SA PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Baitang 4-6** | | | | | |
| | Mag-aaral | Tagasanay | Paaralan | Principal/SH | Distrito |
| UNANG PUWESTO | JANNAH G. DAGALA | RHEA FE C. CAILING | HINAPLANAN ES | LIBERTY F. DAA | CLAVERIA WEST |
| PANGALAWANG PUWESTO | SABRINA H. PUDA | ALERA FE G. CELETARIA | TALABA ES | MICHAEL A. LUMAJANG | ALUBIJID EAST |
| PANGATLONG PUWESTO | ROBINA D. DELOS ANGELES | KLARIDETTE V. DAHILAN | LAGONGLONG CENTRAL SCHOOL | MANUELITA P. CAPITO | LAGONGLONG |
| **Baitang 7 - 10, JHS** | | | | | |
| UNANG PUWESTO | KAYE B. LABITA | JHEYFRE LYN EVE J. CAMPOS | TAGOLOAN NATIONAL HIGH SCHOOL | FLORENCIA D. BAANG | TAGOLOAN WEST |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| PANGALAWANG PUWESTO | AHLYKA SHAYNE P. BASADRE | AGILLE E. DOLLAGA | JASAAN NATIONAL HIGH SCHOOL | FE D. ARANCON | JASAAN SOUTH |
| PANGATLONG PUWESTO | CARLENE FAITH F. VIZCARA | SUSAN E. BACULIO | PATROCENIO NHS | JOSE L. AMBONGLAY | CLAVERIA WEST |
| **Baitang 11 - 12 SHS** | | | | | |
| UNANG PUWESTO | LADY KRYSHA S. BALABA | CRISSA JANE P. DOVERTE | LOURDES ALUBIJID NHS | GLENN M. YANA, MEDCHEM | ALUBIJID WEST |
| PANGALAWANG PUWESTO | Mary Joy B. Lumahang | Maria Concepcion Macalaguing | Laguindingan NHS | Alma Y. Pacamalan | LAGUINDINGAN |
| PANGATLONG PUWESTO | Tiffany N. Barticulo | Liza D. Abao | Esperanza SHS | Rechie A. Lazalita | KINOGUITAN |
| **GURO NA NAGTUTURO NG FILIPINO** | | | | | |
| UNANG PUWESTO | | Karen V. Abales | Felicitas R. Garcesa, HT-V | Abdon R. Bacayana Ph.D | MOGCHS |
| PANGALAWANG PUWESTO | | Regielyn M. Tibor | Salay NHS | Beverly Hazel T.Saligumba | SALAY |
| PANGATLONG PUWESTO | | Leila S. Jaramillo | Laguindingan NHS | Alma Y. Pacamalan | LAGUINDINGAN |

3. Kalakip nito ang mga memorandum na nagmumula sa Rehiyon at Punong Tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon.

4. Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**EDILBERTO L. OPLENARIA, EdD, CESO V**
Schools Division Superintendent

**ELO/CID/cpv/ssa**

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**REGION X – NORTHERN MINDANAO**
**SCHOOLS DIVISION OF MISAMIS ORIENTAL**

**DIVISION MEMORANDUM**
**No. 383 s. 2023**

**Hulyo 10, 2023**

**Para:** Mga Superbisor Pansangay
Mga Pandistritong Superbisor/ Nangangasiwa ng Distrito
Mga Punongguro, Ulongguro ng mga Paaralan
Lahat ng mga Guro
*Sa Lahat ng Kinauukulan*

**PAKSA: PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023**

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkagawan Blg. 036, s. 2023, ang Tanggapang Ito ay makikiisa sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023, na magsisimula sa Agosto 1 – 31, 2023 sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

2. Ang *tema* ay naaayon sa *KWF* Kapasyahan ng Kalupunan BLg. 06-02 Serye 2023. **Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan".**

3. Kaugnay nito ay inaatasan ang lahat ng kawani ng Punong Tanggapan ng Sangay nn Misamis Oriental (Division Office Personnel) na sa bawat *Lunes ng Buwan ng Agosto 2023* ay *magsusuot ng Filipinia o Pambabaeng Barong at saya, samantalang Barong at pantalon sa mga lalaking kawani* tuwing Seremonya ng Pagwawagayway sa Bandila ng Pilipinas.

4. Ang mga *Layunin* ng nasabing pagdiriwang ay ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatutupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na maikiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyakmang mga mamamayng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

Address: Del Pilar corner Velez Street, Brgy. 29, Cagayan de Oro City 9000
Tel. Nos.: (088) 881-3094 | Text: 0917-8992245 (Globe)
Website: www.deped.misor.net
Email: misamis.oriental@deped.gov.ph

SULONG KALIDAD

5. Kalakip ng Memorandum na ito ay ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 036

para sa karagdagang kaalaman at sa mga mungkahing lingguhang gawain sa buong buwan ng Agosto 2023.

6. Hinihiling ang malawakan at agaranng pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**EDILBERTO L. OPLENARIA, EdD, CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

**ELO/CID/ssa**

Republic of the Philippines
# Department of Education

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 036, s. 2023

JUN 29 2023

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinunò ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2023** ay ipagdiriwang sa Agosto 1–31, 2023 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 06-02 Serye 2023 na nagtatakda ng temang **Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan** at naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

4. Narito ang limang lingguhang tema at mungkahing mga gawain para isang buwang pagdiriwang:

| Petsa at Tema | Mungkahing mga Gawain para sa Pubiko at Pribado Tanggapan ng Kagawaran |
|---|---|
| **Agosto 1–5**<br>Unang Linggo:<br><br>Pagkilala at Pagtaguyod | Mga gawain hinggil sa paksang kabilang ngunit hindi limitado sa salitang pagbati sa Filipino *Sign Language* at *online forum* hinggil sa kahalagahan nito. Maaaring makipag-ugnayan kay Patrick |

**Mga Mungkahing Gawain sa Bawat Antas**

| Linggo at Tema | Antas at mga Gawain | | | |
|---|---|---|---|---|
| | K-3 | Baitang 4-6 | Baitang 7-10 | Baitang 11-12 |
| **1–5 Agosto**<br>Linggo 1: Pagkilala at Pagtaguyod sa Filipino Sign Language (FSL) bilang Pambansang Wikang Senyas ng Pilipinas | • Pagtitipon ng mga salitang pagbati (Halimbawa: Magandang umaga po, Magandang hapon po, at iba) na isesenyas sa Filipino Sign Language bilang pagpapakilala ng FSL bilang ingklusibo sa pamayanan. | | • Pagdaraos ng mga *online forum* at talakayan hinggil sa kahalagahan ng Filipino Sign Language (FSL) sa bawat Pilipino. | |
| **7–12 Agosto**<br>Linggo 2: Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik, at Pagkakaisa | | • Pagtitipon ng mga katutubong salita na pangkaraniwang ginagamit sa tahanan | • Pagsulat ng mga tula hinggil sa pagkakaisa gamit ang wikang katutubo.<br>• Timpalak sa muling pagsalaysay ng mga kuwentong-bayan hinggil sa pagkakaisa gámit ang wikang katutubo. | |
| **14–19 Agosto**<br>Linggo 3: Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas | | • Pagsulat ng sanaysay gámit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas.<br>• Pananaliksik sa siyensiya at teknolohiya at kasalukuyang estado ng isang katutubong wika. | | |
| **21–26 Agosto**<br>Linggo 4: Mga Wikang Katutubo: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapuwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan | | • Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa pakikipagkapuwa sa lipunang Pilipino.<br>• Paglikha ng awit gámit ang wikang katutubo na nagpapakita at nagtataguyod ng katarungang panlipunan. | | |
| **28–31 Agosto**<br>Linggo 5: Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon | | • Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wikang Pambansa 2023. | | |

| | |
|---|---|
| sa *Filipino Sign Language* (FSL) bilang Pambansang Wikang Senyas ng Pilipinas | Ablaza (fsl.yunit@kwf.gov.ph) ng Yunit ng FSL ng Komisyon sa Wikang Filipino kaugnay sa nabanggit. |
| **Agosto 7–12**<br>Ikalawang Linggo<br><br>Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik, at Pagkakaisa | Mga timpalak sa pagsulat ng tula at masining ng pagkukuwento gamit ang wikang katutubo gamit ang pamantayan/kraytirya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak. |
| **Agosto 14–19**<br>Ikatlong Linggo<br><br>Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas | Mga timpalak sa pagsulat ng sanaysay gámit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas gamit ang pamantayan/kraytirya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak. |
| **Agosto 21–26**<br>Ikaapat na Linggo<br><br>Mga Wikang Katutubo: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapuwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan | Mga timpalak sa paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog at paglikha ng awit gamit ang pamantayan/kraytirya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak. |
| **Agosto 28–31**<br>Ikalimang Linggo<br><br>Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon | Maaaring magkaroon ng pangwakas na gawain/ kulminéysyon. |

*Nakasaad din sa kalakip ang Mga Mungkahing Gawain sa Bawat Antas*

5. Ang mga tema at mungkahing gawain ay pagtupad din sa Batas Republika 11106, ang *Filipino Sign Language Act* gayundin sa 2022–2032 *International Decade on Indigenous languages* ng UNESCO at 2030 *Agenda and achievement of the 17 Sustainable Development Goals* (SDGs).

6. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd *Order* (DO) *No.* 9, s. 2005 (*Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*) na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 003, s. 2023 (*An Order Allowing the Conduct of In-Person Activities in Schools*) na naglalahad ng mga pamantayan sa pagsasagawa ng mga *in-person activity*. Isaalang-alang din ang DO 66, s. 2017 (*Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities*) kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity*.

7. Hinihikayat na makilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang lahat ng antas ng tanggapang pangkagawaran mula sa nasyonal, rehiyon, dibisyon, at mga paaralang publiko maging sa pribado.

8. Maaaring magamit na pondo ang *local funds*, kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

9. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Kawanihan ng Linangan sa Pagkatuto** sa pamamagitan ni **Gaudencio Luis N. Serrano**, *Supervising Education Program Specialist*, sa *email* na gaudencio.serrano@deped.gov.ph o kaya sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) sa *email* na komfil@kwf.gov.ph o sa *mobile phone* blg. 0928-8441349.

10. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:

**GINA O. GONONG**
Pangalawang Kalihim

Kalakip:
Gaya ng sinasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 073, s. 2022
DepEd Order (Nos. 003, s. 2023; 66, s. 2017; at 9, s. 2005)

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

JDMC MPC, DM Buwan ng Wikang Pambansa 2023
0937 - June 2, 2023

Republic of the Philippines
Department of Education
OFFICE OF THE UNDERSECRETARY FOR CURRICULUM AND TEACHING

**MEMORANDUM**
**DM-OUCT-2023-231**

**PARA SA :** **PANREHIYONG DIREKTOR**
**MINISTRO, MINISTERYO NG BATAYAN, MAS MATAAS AT TEKNIKAL NA EDUKASYON NG BARMM**
**TAGAPAMANIHALANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN**
**TAGAPAMUNO/PUNONGGURO NG MGA PAARALAN**
**IBA PANG KINAUUKULAN**

**MULA KAY :** **GINA O. GONONG**
Pangalawang Kalihim

**PAKSA :** **PANAWAGAN SA PAGLAHOK SA PAGSULAT NG SANAYSAY AT MALAYANG TULA**

**PETSA :** **Agosto 10, 2023**

---

Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2023 na may temang *Filipino at mga Wikang Katutubo: Wika ng Kapayapaan, Seguridad at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan* na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika, ang Kawanihan sa Paglinang ng Kurikulum o *Bureau of Curriculum Development (BCD)* ay magsasagawa ng **Paligsahan sa Pagsulat ng Sanaysay at Pagsulat ng Malayang Tula.**

Nilalayon ng paligsahang ito na:

a) mabigyang pagkilala ang natatanging kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral at guro sa pagsulat;
b) mapili at mabigyang parangal ang mga orihinal na akda ng mga mag-aaral at guro sa pagsulat ng sanaysay at malayang tula;
c) makita ang bisa ng kurikulum sa pagtuturo at pagkatuto ng wika
d) mapaigting ang paggamit ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga akdang pampanitikan; at
e) makapangalap ng mga akda na magagamit bilang suplemental na mga babasahin.

Kaugnay nito, inaanyayahan ng BCD ang lahat ng mga kwalipikadong mag-aaral at guro na lumahok sa paligsahan. Bukas ang timpalak sa apat na dibisyon mula sa mga pampublikong paaralan taong panuruan 2022-2023:

- Baitang 4-6 (Elementarya)
- Baitang 7-10 (Junior High School)
- Baitang 11-12 (Senior High School)
- Mga guro na nagtuturo ng Filipino

1/F Bonifacio Building, DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Direct Line: (632) 8633-7202/8687-4146
E-mail: ouct@deped.gov.ph

**Isang (1) katergorya lamang** (tula o sanaysay) ang maaaring salihan ng kalahok at **isang (1) entri lamang** din ang maaaring ipasa. Ang entring ipapasa ay kailangang nasa wikang Filipino, orihinal na akda, hindi pa nailalathala at hindi isang salin mula sa ibang wika.

Ang mga kalahok ay kailangang maghanda ng mga sumusunod:

a) Kopya ng kompiyuterisadong lahok o entri
- Isang MS Word format
- Gamit ang font na Arial 12 pt
- *Double-spaced* para sa **pagsulat ng sanaysay** at *single-spaced* para sa **pagsulat ng malayang tula** sa *A4 size* na papel
- May palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibaba, at gilid.

b) Sagisag-panulat (pen name) lamang ang gagamitin at hindi pinahihintulutang gumamit ng anumang pahiwatig ng tunay na pangalan ang mga kalahok sa ipapasang entri.

c) Kasama ng entri na ipapasa ang mga sumusunod na kahingian na naka-*pdf* format:
1. Pormularyo ng pahintulot ng magulang o tagapangalaga (Lakip Blg. 2)
2. Pormularyo sa paglahok ng mag-aaral (Lakip Blg. 3) o pormularyo sa paglahok ng guro (Lakip Blg. 4)
3. *Curriculum vitae* at *bionote* (para sa mga guro)
4. 2×2 retrato ng kalahok (*recent* at naka-*jpeg format*); at
5. Kopya ng balidong ID o *Certificate of Enrollment* para sa mga mag-aaral (*naka-pdf format*)

Ang mga soft copy ng dokumento at entri ay kailangang i-*upload* sa nakatalagang *link* sa bawat dibisyon:

| Pagsulat ng Sanaysay | Dibisyon | Link |
|---|---|---|
| Baitang 4-6 | A | http://bit.ly/2023-BCD-BNW-Sanaysay-Dib-A |
| Baitang 7-10 | B | https://bit.ly/2023-BCD-BNW-Sanaysay-Dib-B |
| Baitang 11-12 | C | https://bit.ly/2023-BCD-BNW-Sanaysay-Dib-C |
| Mga Guro na nagtuturo ng Filipino | D | https://bit.ly/2023-BCD-BNW-Sanaysay-Dib-D |

| Pagsulat ng Tula | Dibisyon | Link |
|---|---|---|
| Baitang 4-6 | A | https://bit.ly/2023-BCD-BNW-Tula-Dib-A |
| Baitang 7-10 | B | https://bit.ly/2023-BCD-BNW-Tula-Dib-B |
| Baitang 11-12 | C | https://bit.ly/2023-BCD-BNW-Tula-Dib-C |

| | | |
|---|---|---|
| Mga Guro na nagtuturo ng Filipino | D | https://bit.ly/2023-BCD-BNW-Tula-Dib-D |

Limang (5) entri sa bawat dibisyon mula sa bawat rehiyon ang tatanggapin hanggang **20 Agosto, 2023.** Tanging ang panrehiyong tagamasid sa Filipino lamang ang magpapasa ng limang (5) entri sa bawat dibisyon mula sa kanilang rehiyon. Awtomatikong isasara ang *submission link* para sa paghinto ng pagtanggap ng mga lahok.

Lahat ng entri ay susuriin batay sa pagsunod sa kahingian. Ang mga entri na kulang ang dokumento at hindi nakasunod sa hinihinging pamantayan ay hindi na mapabibilang sa opisyal na listahan ng mga lahok o entri.

Ang iba pang mekaniks at pamantayan sa pagpili ng mananalong lahok ay nakapaloob sa **Lakip Blg. 1.**

Ang mga mananalong kalahok ay gagantimpalaan ng mga sumusunod:

**Unang gantimpala – PHP10, 000.00 , sertipiko, at medalya (ginto)**
**Pangalawang gantimpala – PHP7,500.00, sertipiko, at medalya (pilak)**
**Pangatlong gantimpala – PHP5,000.00, sertipiko, at medalya (tanso)**

Makatatanggap din ng Sertipiko ng Pagkilala ang mga tagapayo ng mga mananalo.

Ihahayag ang mga mananalong entri at kalahok sa huling linggo ng **Agosto 2023** sa Facebook Page ng **DepEd Philippines**. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

Ang sinumang mapatunayang gumawa ng isang pandadaya ay hindi palalagpasin. Kakanselahin ng Kawanihan sa Paglinang ng Kurikulum o Bureau of Curriculum Development ang ipinagwaging entri.

Pára sa karagdagang detalye, maaaring makipag-ugnayan kay **Evangeline Calinisan** Education Program Specialist ng Bureau of Curriculum Development (BCD) – Curriculum Standards Development Division (CSDD), Ikatlong palapag, Gusali ng Bonifacio, Kagawaran ng Edukasyon Central Office, Deped Complex, Meralco Avenue, Pasig City o sa email na bcd.csdd.filipinoerya@deped.gov.ph.

Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Copy-furnished:

**ATTY. REVSEE A. ESCOBEDO**
Undersecretary for Operations

**LAKIP BLG. 1**

**PATNUBAY SA PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY AT MALAYANG TULA PARA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2023**

## I. Pagsulat ng Sanaysay

### A. Mekaniks

1. Sa pagsulat ng **sanaysay**, dapat maiugnay ng mga kalahok ang mga paksang napili ayon sa kanilang dibisyon:

| **Dibisyon** | Paksa/Tema |
|---|---|
| Baitang 4-6 (Elementary) | Pagsulat ng Sanaysay gamit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng **mag-aaral** na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas |
| Baitang 7-10 (Junior High School) | Pagsulat ng Sanaysay gamit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng **mamamayan** na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas |
| Baitang 11-12 (Senior High School) | Pagsulat ng Sanaysay gamit ang wikang katutubo: Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas |
| Guro sa Filipino | Pagsulat ng Sanaysay: Filipino at mga Wikang Katutubo: Wika ng Kapayapaan, Seguridad at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan |

2. Ang mga entri sa bawat dibisyon ay kinakailangang magtaglay ng mga sumusunod na bilang ng mga salita:

| | |
|---|---|
| Baitang 4-6 (Elementary) | hindi bababa sa 500 na salita |
| Baitang 7-10 (Junior High School) | hindi bababa sa 600 na salita |
| Baitang 11-12 (Senior High School) | hindi bababa sa 800 na salita |
| Mga Guro sa Filipino | hindi bababa sa 1000 na salita |

### B. Pamantayan

| **PAGSULAT NG SANAYSAY** | | |
|---|---|---|
| **Nilalaman at Kaugnayan sa Paksa** | kaangkupan at kabuluhan ng isinasaad | **50%** |
| **Kasiningan** | kaisahan ng diwa at daloy na talakay, orihinalidad, at pagkamalikhain | **30%** |
| **Gamit ng Wika** | wastong pagbaybay, gramatika, at bantas | **20%** |

1/F Bonifacio Building, DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Direct Line: (632) 8633-7202/8687-4146
E-mail: ouct@deped.gov.ph

| | | |
|---|---|---|
| **Kabuoan** | | **100%** |

## II. Pagsulat ng Malayang Tula

### A. Mekaniks

1. Sa pagsulat ng malayang tula, dapat maiugnay ng mga kalahok ang mga paksang napili ayon sa kanilang dibisyon:

| **Dibisyon** | **Paksa/Tema** |
|---|---|
| Baitang 4-6 (Elementary) | Pagtitipon ng mga katutubong salita na pangkaraniwang ginagamit sa tahanan |
| Baitang 7-10 (Junior High School) | Pagsulat ng tula hinggil sa pagkakaisa gamit ang wikang katutubo |
| Baitang 11-12 (Senior High School) | Pagsulat ng tula hinggil sa pananaliksik gamit ang wikang katutubo |
| Guro sa Filipino | Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik at Pagkakaisa |

2. Ang mga entri sa bawat dibisyon ay kinakailangang magtaglay ng mga sumusunod na bilang ng mga taludtod:

| | |
|---|---|
| Baitang 4-6 (Elementary) | 8-12 taludtod |
| Baitang 7-10 (Junior High School) | 12-20 taludtod |
| Baitang 11-12 (Senior High School) | 12-20 taludtod |
| Mga Guro sa Filipino | 15-20 taludtod |

### B. Pamantayan

| **PAGSULAT NG MALAYANG TULA** | | |
|---|---|---|
| **Nilalaman at Kaugnayan sa Paksa** | kaangkupan at kabuluhan ng isinasaad sa paksa | **50%** |
| **Kasiningan** | anyo,estilo, at pagkamalikhain | **30%** |
| **Gamit ng Wika** | wastong pagbaybay, bantas, at mabisang gamit ng mga salita | **20%** |
| **Kabuoan** | | **100%** |

**LAKIP BLG. 2**

**PORMULARYO NG PAHINTULOT NG MAGULANG**

Pinatutunayan nito na binibigyan ko ng pahintulot ang aking anak na si ________(Pangalan)__________________________, Baitang _______ na sumali sa Patimpalak sa Pagsulat ng Sanaysay/Tula ng Kawanihan sa Paglinang ng Kurikulum o Bureau of Curriculum Development.

______________________________________

Nakalimbag na pangalan at lagda ng magulang o legal na tagapangalaga

______________________________________

Petsa ng Pagsumite

1/F Bonifacio Building, DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Direct Line: (632) 8633-7202/8687-4146
E-mail: ouct@deped.gov.ph

Republic of the Philippines
**Department of Education**
OFFICE OF THE UNDERSECRETARY FOR CURRICULUM AND TEACHING

**LAKIP BLG. 3**

**PORMULARYO SA PAGLAHOK NG MAG-AARAL**
**PERSONAL NA IMPORMASYON AT PAGTATALAGA NG MGA KARAPATAN**

PANGALAN:

______________________________________________

SAGISAG-PANULAT/*PEN*
*NAME*:______________________________________
Edad at Petsa ng Kapanganakan:______________________ Kasarian:__________
Lugar ng Kapanganakan:

______________________________________________

Telepono:__________
Mobile:_____________
Adres:

______________________________
Email: ______________________________

Paaralan:______________________________
Adres ng Paaralan: ______________________
Purok at Sangay:________________________
Rehiyon: ______________________________

Pangalan ng Tagapayo:__________________
Pangalan ng Punongguro:

____________________
Telepono ng Paaralan o ng Punongguro:

______________________________

**ISINUMITENG LAHOK**

___ Sanaysay

___ Tula

**Pamagat:**

**Antas/Baitang (TP. 2022-2023):**

**Bilang ng Salita/Taludtod:**

Matapat akong nanunumpa sa ngalan ng aking dangal na ang aking isinumiteng _____sanaysay ______ tula ay orihinal kong akda/likha at hindi tinulad mula sa alinmang umiiral na akda/likha ng ibang tao. Ganap kong nababatid ang kahihinatnan at kaparusahan na maaaring ipataw sa akin kung ang materyal na ito ay mapapatunayang *plagiarized*, kinopya o tinulad, o lumabag sa *copyright* ng orihinal na may-akda alinsunod sa umiiral na mga batas, mga alituntunin at regulasyon. Dahil dito ay nilalagdaan ko maging ng aking guro na aking Tagapayo

at ng aking Punongguro ang pormularyong ito sa paglahok bilang patotoo sa kawastuhan at katotohanan ng lahat ng impormasyong nakasaad dito.

Idinedeklara ko na nabasa at sinasang-ayunan ko ang lahat ng mga alituntunin ng Paligsahan. Sa pamamagitan nito ay ipinagkakaloob ko sa Kagawaran ng Edukasyon ang eksklusibong karapatan upang magamit ang *copyright* at iba pang mga karapatan sa intelektuwal na pagmamay-ari kabilang ang *storage*, *derivation*, at pamamahagi sa kondisyon na ako ay mananatiling nakatala bilang pangunahing may likha ng akda.

Nilagdaan ngayong ika-___ ng ____________, 2023.

_______________________________
Pangalan at Lagda ng Kalahok

**Pinatutunayan nina:**

_______________________________
Pangalan at Lagda ng Tagapayo

_______________________________
Pangalan at Lagda ng Punongguro

**LAKIP BLG. 4**

**PORMULARYO SA PAGLAHOK NG GURO**

**PERSONAL NA IMPORMASYON AT PAGTATALAGA NG MGA KARAPATAN**

PANGALAN:

______________________________________________

SAGISAG-PANULAT/*PEN NAME:*

______________________________________________

Edad at Petsa ng Kapanganakan:____________________ Kasarian:______ Katayuang Sibil: ________

Lugar ng Kapanganakan:

______________________________________________

Telepono:______________
Mobile:________________
Adres:

______________________________

Email:

______________________________

Paaralan:

______________________________

Adres ng Paaralan:

______________________________

Purok at Sangay:

______________________________

Rehiyon:

______________________________

Antas/Baitang na Tinuturuan:

__________

Posisyon/Designasyon: ____________________

Pangalan ng Punongguro:

______________________________

Telepono ng Paaralan o ng Punongguro:

______________________________

**ISINUMITENG LAHOK**

__ Sanaysay

__ Tula

**Pamagat:**

**Bilang ng Salita/Taludtod:**

Matapat akong nanunumpa sa ngalan ng aking dangal na ang aking isinumiteng ____sanaysay ____ tula ay orihinal kong akda/likha at hindi tinulad mula sa alinmang umiiral na akda/likha ng ibang tao. Ganap kong nababatid ang kahihinatnan at kaparusahan na maaaring ipataw sa akin kung ang materyal na ito ay mapatutunayang *plagiarized*, kinopya o tinulad, o lumabag sa *copyright* ng orihinal na may-akda alinsunod sa umiiral na mga batas, mga alituntunin at regulasyon. Dahil dito ay nilalagdaan ko maging ng nakatataas sa akin ang pormolaryong ito sa paglahok bilang patotoo sa kawastuhan at katotohanan ng lahat ng impormasyong nakasaad dito.

Idinedeklara ko na nabasa at sinang-ayunan ko ang lahat ng mga alituntunin ng Paligsahan. Sa pamamagitan nito ay ipinagkakaloob ko sa Kagawaran ng Edukasyon ang eksklusibong karapatan upang magamit ang *copyright* at iba pang mga karapatan sa intelektuwal na pagmamay-ari kabilang ang *storage*, *derivation*, at pamamahagi sa kondisyon na ako ay mananatiling nakatala bilang pangunahing may likha ng akda.

Nilagdaan ngayong ika-___ ng ____________, 2023.

______________________________
Pangalan at Lagda ng Kalahok

**Pinatutunayan ni:**

______________________________
Pangalan at Lagda ng Punongguro/School Head